Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 14, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 22-03-293

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG AGRIKULTURA SA PAMAMAGITAN NINA KALIHIM WILLIAM DAR AT MIMAROPA REGIONAL DIRECTOR ANTONIO G. GERUNDIO, PH.D., CESO III NA MAGKAROON NG KAGYAT NA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KAGAWARAN NG AGRIKULTURA-REGIONAL OFFICES SA VISAYAS AT MINDANAO UPANG MATULUNGAN ANG MGA MAGSASAKA NG BAYAN NG BULALACAO, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO NA MAIUGNAY SA MGA MAMIMILI NG MGA NABANGGIT NA REHIYON UPANG MASIGURO ANG MAKATARUNGAN AT MAAYOS NA PRESYO NG SIBUYAS**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member GERMAN S. ACOSTA**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro kung saan ang kahirapan at mga pagsubok sa pamumuhay ay nararanasan pa rin ng malaking bahagi ng populasyon nito kabilang ang mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan, ito ay may kabuuang 10,325.80 hektaryang lupaing pangsakahan kung saan may humigit-kumulang na 6,000 katao ang nagtratrabaho bilang magsasaka;

**"SAPAGKAT,** ang Bulalacao ay may klimang tropikal at tanyag sa paggawa ng malakihang bulto ng mga sibuyas kung saan ang lahat ng pagsisikap ng mga masisipag na magsasaka ay sinusuportahan upang makapagtanim at makapagsuplay ang mga ito taun-taon, ang mga produktong ito ay dinadala sa Maynila at mga karatig probinsya;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** nakakalungkot na sa kasalukuyang panahon, ang mga magsasakang Bulalacaonon ay nakakaranas ng pagkalugi at nahihirapang magbenta ng mga sibuyas sapagkat binibili lamang ito ng mga negosyante sa napakababang halaga na hindi sasapat upang makabawi sa mga ginastos ng mga magsasaka mula sa pagpupunla, pagpapatanim hanggang sa pagpapa-ani nito;

**"SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay magalang na humihiling sa Kagawaran ng Agrikultura na matulungan ang mga magsasakang Bulalacaonon na makahanap ng mas malawak na opsyon ng mamimili na magmumula sa ibang rehiyon na siyang makakapagbigay ng makatarungan at maayos na presyo ng sibuyas; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humiling sa Kagawaran ng Agrikultura sa pamamagitan nina Kalihim William Dar at MIMAROPA Regional Director Antonio G. Gerundio, Ph.D., CESO III na magkaroon ng kagyat na pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Agrikultura-Regional Offices sa Visayas at Mindanao upang matulungan ang mga magsasaka ng Bayan ng Bulalacao, Lalawigan ng Oriental Mindoro na maiugnay sa mga mamimili ng mga nabanggit na rehiyon upang masiguro ang makatarungan at maayos na presyo ng sibuyas,

**SA MUNGKAHI** nina Konsehal German S. Acosta at Konsehal Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ni Konsehal Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY"**: Marso 14, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/ Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: April 07, 2022

180322/PLP/admm

Scanned with CamScanner